**Holy Name Medical Center Patakaran Ukol sa Tulong Pampinansyal- Ang Buod sa Pinasimpleng Wika**

**Pahayag Ukol sa Patakaran**
Ang Patakaran Ukol sa Tulong Pampinansyal (Financial Assistance Policy o FAP) ng Holy Name Medical Center (HNMC) ay pinaiiral upang mabigyan ang mga karapat-dapat na pasyente ng pang-emerhensya o iba pang serbisyo para sa kalusugan na nangangailangan ng medikal na atensyong ibinibigay ng HNMC na may buo o bahagi lamang ng diskwento.

**Mga Karapat-dapat na Serbisyo:** Pang-emerhensya o iba pang serbisyo para sa kalusugan na nangangailangan ng medikal na atensyong ibinibigay ng HNMC at sinisingil ng HNMC. Maaaring hindi mapabilang sa ilalim ng FAP ang ang iba pang serbisyo na bukod na sinisingil ng ibang mga providers, kagaya ng mga duktor o mga laboratoryo.

**Mga Karapat-dapat na Pasyente:** Ang mga pasyenteng tumatanggap ng serbisyong pang-emerhensya o nangangailangan ng medikal na atensyon, na nagsusumite ng kumpletong Aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal, kabilang na ang kaugnay na dokumentasyon/impormasyon at naituring nang karapat-dapat para sa Tulong Pampinansyal ng HNMC.

**Paano Mag-apply:** – FAP at mga kaugnay na application form ay maaaring makuha/makumpleto/maisumite bilang:

- Mga kopya ng FAP, FAP application form, ang Buod sa Pinasimpleng Wika (Plain Language Summary o PLS) ng FAP at ang Charity Care Application form ay makukuha kapag hiniling at walang bayad sa pamamagitan ng koreo/o personal na pagbisita sa tanggapan Sa tanggapan para sa Pagpapayong Pampinansyal ng ospital na matatagpuan sa loob ng Departamento ng Patient Access/Pagrerehistro sa palapag na may lobi. Ang oras ng opisina ay mula Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 n.u. hanggang 2:30 n.h.
- Mga mga kahilingan upang ma-pre-screen para sa mga programang ukol sa tulong pampinansyal ng HNMC ay magagawa sa pagtawag sa tanggapan para sa Pagpapayong Pampinansyal sa 201-833-3157.
- Maaaring mai-download mula sa website ng ospital ang FAP (Patakaran Ukol sa Tulong Pampinansyal ), FAP Application form, PLS (Ang Buod sa Pinasimpleng Wika) at ang Charity Care Application: **http://www.holyname.org/Financial/index.aspx**

**Paraan ng Pagtukoy ng Elihibilidad sa Tulong Pampinansyal** – Magiging karapat-dapat sa Tulong Pampinansyal, na sa paggamit ng sliding scale ay makikitang ang Kabuuang Kita ng Pamilya ay mababa o nasa 500% ng Mga Pederal na Gabay sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines - FPG) na batayan ng Pederal na Pamahalaan. Ang Elihibilidad para sa Tulong Pampinansyal ay nangangahulugang ang mga karapat-dapat ay magkakaroon ng pangangaalaga sa ospital na kung saan ang gastusin ay buo o may bahaging nabayaran na, at hindi masisingil nang higit pa sa "Halagang Kadalasang Sinisingil" (Amounts Generally Billed - AGB) sa mga taong may insurance o seguro. (Ang AGB ay pinapaliwanag sa Seksyon ng IRC 501(r) 5 ng Internal Revenue Service)

Ang iba pang batayan sa labas ng FPG ay maaaring ring mabigyan ng konsiderasyon, halimbawa na rito ay ang pagkakaroon ng salapi o pag-aaring maaaring ibenta o ipagpalit sa salapi, o ang naging labis sa buwanang gross na kita matapos ibawas ang buwanang gastusin sa sambahayan, ay maaaring magresulta sa eksepsyon sa unang nabanggit. Ang hindi nakumpletong aplikasyon ay hindi mabibigyan ng konsiderasyon. Ang mga aplikante ay bibigyan ng notisya at mabibigyan ng pagkakataong isumite ang mga kinakailangan pang dokumentasyon o impormasyon. Para sa layunin ng 501(r), ang mga pasyente ay mabibigyan ng hanggang 240 araw matapos makalabas ng ospital na magsumite ng nakumpletong aplikasyon para sa FAP. Para sa layunin ng Charity Care, ang mga pasyente ay mabibigyan ng hanggang isang (1) taon mula sa araw na napakinabangan ang serbisyo na magsumite ng nakumpletong aplikasyon para sa Charity Care.

Ipapasalin din ng HNMC ang FAP, FAP application form at ang PLS ng FAP sa iba't ibang wika kung saan ang pangunahing wika ng mga residente na pinagsisilbihan ng HNMC ay kumakatawan sa 5% o 1000 -alinman dito ang mas mababa - populasyon ng mga indibidwal na maaaring maapektuhan o makasalamuha ng HNMC. Ang mga naisaling bersyon ay ibibigay kapag hiniling nang personal sa tanggapan ng Pagpapayong Pampinansyal na matatagpuan sa Departamento ng Patient Access na palapag na may lobi sa 718 Teaneck Road pati na rin sa website ng ospital.